OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 17, 1997, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Ranulfo C. Bernal
Kagawad Juanito A. Basay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 029
Taong 1997

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG PAQUITO L. GUSI, KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang pagpanaw ng isang taong naging bahagi ng isang organisasyon at naging kasama-sama sa loob ng maraming taon ay isang malaking kawalan sa kanyang mga naiwan;

SAPAGKA'T si Paquito L. Gusi ay naglingkod sa Pamahalaang Bayan ng Roxas sa loob ng sampung taon bilang tagapagtaguyod ng kaayusan at katahimikan sa pamilihang-bayan;

SAPAGKA'T sa loob ng mahabang panahong ito, ipinamalas niya ang dedikasyon at katapatan sa tungkulin at ang maayos na pakikipag-ugnayan sa mga kasama sa gawain;

SAPAGKA'T ang kanyang pagpanaw ay lubos na dinaramdam ng kanyang mga kasama sa gawain at tungkulin sa Pamahalaang Bayan ng Roxas at ng mga taong naging bahagi ng kanyang panunungkulan.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong Paquito L. Gusi ang mataos na pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ni G. Paquito L. Gusi lakip ang aming tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay ng lahat.

Marso 17, 1997

- -

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

AT
PINATITIBAYAN:

JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

GELACIO I. YASON
Punong Bayan

mera/
031997